KAPASIYAHAN BILANG 94-128

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS-PUSONG PAGBATI SA IKA-25 ANIBERSARYO NG KASAL NINA KONSEHAL VIC AT NELY CHUA.

***************************************************************

Ipinanukala ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

***************************************************************

SAPAGKAT, ang kasal o pag-iisang dibdib ng dalawang nilikha ay isang banal na sakramento na nagpapahayag ng kaisahan ng damdamin at kaisipan na binuklod sa patnubay ng bendisyon at dalisay na pag-ibig at grasya ng Poong-Maykapal;

SAPAGKAT, ang kanilang pagpapakasal muli sa pagdiriwang ng kanilang 25 anibersaryo bilang mag-asawa ay re-apirmasyon ng kanilang commitment sa isa't-isa sa harapan ng tao at Poong-Maykapal na sila'y magsasama hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay;

SAPAGKAT, sila'y naging matapat at puspusang sumusunod sa tungkulin at kautusan ng kanilang simbahan at masuyong pagsusunurang salig sa utos at pag-ibig sa Poong-Maykapal;

SAPAGKAT, ang kanilang pagsasama na biniyayaan ng malulusog at mababait na mga anak na hinubog sa disiplina at pagmamahal na may takot sa Diyos ay isang huwarang pamilya na dapat pamarisan;

SAPAGKAT, ang taong 1994 ay itinakda ng United Nations bilang "International Year of the Family" na naglalayong baguhin at palakasin ang "family tradition at values" na unti-unting sinisira ng materyaliskong mundong makabago;

SAPAGKAT, ang pamilya bilang isang basic unit ng lipunan at ng simbahan ay pinayabong ninyo sa pamamagitan ng inyong pagsasama at pagmamahalan sa loob ng 25 taon at mga susunod pang mga taon;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa mungkahi ni Kgg. Dante S. Almario at pinangalawahan ni Kgg. Lucio B. Constantino ay pinagpasiyahan ng buong pagkakaisa na batiin ng taos-puso sina Konsehal Vic At Nely Chua sa kanilang ika-25 anibersaryo ng kasal at ang dalangin ng kasaganaan at pagmamahalan sa kanila sa darating pang mga taon.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-74th na regular na pulong na ginanap ngayong ika-14 ng Pebrero, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan